



## 811 AT MGA PANG-KALIGTASANG TIP PARA SA MGA RESIDENTE

IWASAN ANG MGA PELIGRO AT PIGILAN ANG MASIRA ANG TUBO SA PAMAMAGITAN NG PAGBABALIK-ARAL NG MGA SUMUSUNOD NA IMPORMASYON TUNGKOL SA KALIGTASAN.



### MAKIPAG-UGNAYAN SA 811 BAGO KAYO MAGHUKAY - LIBRE ITO!

Kung nagpapalano kayo na maglagay ng bakod, magtanim ng puno o maghukay para sa anumang kadahilanan, protektahan ang inyong pamilya, mga kapitbahay at ang mga tubo na malalapit sa inyo, hilingin na markahan ang mga tubo.

Makipag-ugnayan Ngayon\*

### Sundin ang mahahalagang hakbang na ito bago kayo magsimula ng isang proyekto:



#### Markahan

Markahan ang iminumungkahi ninyong lugar na huhukayin. Gumamit ng puting pintura o maglagay ng iba pang mga pang-marka.



#### Makipag-ugnayan

**Magsumite ng isang kahilingan sa online\*** o tumawag sa 811 upang makapagsumite ng isang kahilingang pang-lokasyon sa loob nang hindi na bababa pa sa dalawang araw na may negosyo bago maghukay. Ang SoCalGas ay tatawagan, pati na ang iba pang mga may-ari ng utilidad, upang markahan ang lokasyon ng lahat ng mga utilidad na mayroong nag-mamay-ari nang **LIBRE**.



#### Maghintay

Huwag maghuhukay hanggang sa ang alinman sa namarkahan na namin ang mga tubo namin ng gas o sinabihan kayo na klaro na ang lugar.



#### Kumpirmahin

Kumpirmahin na ang mga utilidad ay nakapagmarka na ng iminumungkahing lugar na tatrabahuin. Ang natural na gas ay tinukoy sa dilaw. Kung walang mga pasilidad ng natural na gas sa inyong lugar na tinatrabaho, maaaring may tumawag sa inyo, mag-email, o maaaring may makita kayo sa lupa na nagsasabing “walang masasagi” o “walang natural na gas.”



#### Mga Kagamitang Hawak ng Kamay

Gumamit lamang ng mga kagamitang hawak ng kamay sa loob nang 24 na pulgada sa bawat tabi ng mga minarkahang utilidad upang maingat na mailantad ang mga eksaktong lokasyon.



#### Nasagi ang isang Linya ng Natural na Gas

Maaaring pagbayarin kayo para sa halaga ng pagkukumpuni ng mga nasira at maaaring magkaroon pa ng mga karagdagang multa kung hindi kayo makikipag-ugnayan sa 811 sa loob nang hindi na bababa pa sa dalawang araw na may trabaho bago maghukay.



#### Manood at Matuto

Manood ng aming mga video upang matuto ng tungkol sa kaligtasan kaugnay ng natural na gas, kung paano malalaman na may singaw ang natural na gas at marami pang iba.

[Bisitahin ang YouTube\\*](#)

### Kilalanin ang Singaw ng Natural na Gas

Maging alerto sa anumang mga palatandaan na maaari ninyong makita, marinig o maamoy kapag may singaw.



#### Tingnan

Kung may makikita kayong isang sirang koneksyon papunta sa isang kasangkapang pinagagana ng natural na gas, ng dumi/tubig na lumalabas papunta sa ere, isang tuyong patse ng damo, sunog o isang pagsabog na malapit sa isang tubo.



#### Makinig

Kung may maririnig kayong mga kakatwang ingay tulad ng may sumisitsit o may sumisipol.



#### Amuyin

Kung may maaamoy kayo na natatanging amoy\* ng natural na gas.

[1] Maaaring hindi maamoy ng ilang mga tao ang amoy sapagkat nabawasan na ang kanilang pang-amoy, mayroon silang pagod na olpactoryo (normal, pansamantalang kawalan ng kakayahan na tukuyin ang kaibhan ng isang amoy pagkatapos ng isang natagalang pagkalandito) o dahil sa ang amoy ay natatabunan o nasasapawan ng iba pang mga naroround amoy, tulad ng may nagluluto, ma-umido, may mga amoy na panis o mga amoy ng kemikal.

### Mag-ulat ng Singaw ng Natural na Gas



Kung may suspetsa kayo na may singaw ang natural na gas o sira ang tubo, agad na lisanin ang lugar, at mula sa isang ligtas na lokasyon ay tumawag sa 911 at sa SoCalGas sa **1-800-427-2200**.

- Huwag maninigarilyo o magsisiga; o magbubukas ng mga kasangkapang de-kuryente o huwag magbukas-sarado ng mga ilaw.
- Huwag gagamit ng anumang bagay na maaaring pagmulan ng siklab.
- Huwag magtatangkang magkontrol ng singaw o magkumpuni ng sirang tubo o metro. Ang natural na gas na sumisingaw mula sa isang plastik na tubo ay maaaring lumikha ng istatik na kuryente na maaaring magpaningag ng natural na gas.

Mag-ulat Ngayon

### Naglaho ang Amoy

Kung minsan ang pisikal at/o mga kemikal na proseso ay maaaring pagmulan ng paglaho ng pinagmumulan ng amoy ng natural na gas, kaya walang maamoy. Ang naglahong amoy ay maaaring dahil sa absorpsyon, oksihenasyon o anumang kombinasyon ng mga ito. Ang paglaho ng amoy ay mas malamang mangyari sa mga sumusunod na sitwasyon:

- Sa bago, bakal na tubo na kamakailan lamang ginawa o hindi pa dating ginamit para sa natural na gas na nilagyan ng amoy.
- Sa mga natural na sistema ng pagtutubo para sa natural na gas na gumagamit ng mas mataas na presyur ng gas, at kapag ang daloy ng natural na gas ay limitado o patigil-tigil.
- Kung may kalawang, may mga paknit-paknit, halumigmig, hangin, paglalangis, may mga pinangsara ng magkakadugtong na tubo, mga likido, mga likidong nalikha ng kondensasyon at iba pang mga bagay-bagay.

Dahil sa posibilidad na naglaho ang amoy, mahalaga na huwag umasa sa inyong pang-amoy upang ma-alerto na sumisingaw na mga natural na gas.

Kung mayroon kayong mga karagdagang tanong o mga alalahanin tungkol sa pagkokondisyon ng tubo o naglaho ang amoy, tumawag sa amin sa **1-800-427-2200** o makipag-ugnayan sa isang lisensiyado, k'walipikadong propesyunal.

### PAGMENTINA NG TUBO AT ANG INYONG KALIGTASAN

Ang mga tubo ng SoCalGas ay naghahatid ng natural na gas sa halos 22 milyong mga kukumpuni na pang-residensiyal at pang-negosyo. Regular kaming nagpapatrol, nagsusuri, nagkukumpuni at nagpapalit ng mga tubo namin ng natural na gas. Ang mga empleyado namin ay sumasailalim din sa mga teknikal na pagsasanay at pagsusuri. Sinusubaybayan namin ang kalidad ng natural na gas at dinadagdagan ng isang natatanging amoy upang makatulong sa pagdetekta ng mga singaw. Pinananatili rin namin ang isang nagtutuloy-tuloy na ugnayan kasama ang mga opisyal na tumutugon kapag may emergency upang makapaghandang para sa at makatugon sa anumang emergency na may kaugnayan sa tubo. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa aming plano kaugnay ng integridad ng aming pangangasiwa, bisitahin ang [socialgas.com/PipelineSafety](http://socialgas.com/PipelineSafety).

### MAGLAGAY NG MALINAW NA AKSES PAPUNTA SA MGA TUBO

Upang mapanatiling ligtas ang ating mga komunidad, kailangang ma-akses natin ang right-of-way ng ating tubo upang makapagsagawa ng mahahalagang pag-iinspeksyon kaugnay ng kaligtasan at makatugon sa mga emergency. Ang right-of-way ng ating tubo ay kailangang walang mga harang tulad ng mga palumpong ng halaman, mga puno, bakod at iba pang mga istraktura.

### ALAMIN KUNG NASAAN ANG MGA PANGUNAHING TUBO NA MALAPIT SA INYO

Karamihan sa mga tubo ay nakabaon sa ilalim ng lupa. Ang mga pangmarka ng mga tubo ay nagtutukoy ng tinatantiyang lokasyon ng mga pangunahing tubo at naroon din ang mga numero dami ng mga tubo sa lugar. Makikita ninyo ang tinatantiyang lokasyon ng mga pangunahing tubo ng natural na gas sa [socialgas.com/Map](http://socialgas.com/Map) o sa website ng National Pipeline Mapping System (NPMS) sa [npms.phmsa.dot.gov](http://npms.phmsa.dot.gov). Ang mga mapang ito ay nagtutukoy ng mga pangkalahatang lokasyon lamang ng mga tubo at kailanman ay hindi dapat gamitin bilang panghalili sa pagkontak sa 811 sa loob nang hindi na bababa pa sa dalawang araw na may negosyo bago maghukay.

### MGA MARKA NG MGA TUBO AT ANO ANG KAHULUGAN NG MGA ITO

Ang matitingkad na mga marka na napakadaling makita, tulad nito, ay nagmamarka ng pangkalahatang lokasyon ng mga ruta ng mga pangunahing tubo. Makipag-ugnayan sa 811 kung kailangan ninyo na malagyan ng marka ang mga eksaktong lokasyon ng mga tubo.



Makipag-ugnayan sa Amin

